2007 Police Accountability Review Panel

PANGHULING ULAT

Buod Pampangasiwaan

Enero 29, 2008

Judge Terrence A. Carroll, ret., Chair
Bob Boruchowitz, Vice Chair
Jenny A. Durkan
M. Lorena González
Pramila Jayapal
Gary Locke
Hubert G. Locke
Judith Krebs
Mike McKay
Norman B. Rice
Jennifer Shaw

Buod Pampangasiwaan

Ang kaligtasan ng publiko ay pinakamahalaga para sa mabisang pagganap ng isang lipunan. Mapalad ang Seattle dahil ang mga bayan at komunidad nito ay nakakalugod ng mataas na antas ng kaligtasan at katatagan. Kinikilala ng Panel (Hurado) na ito ay dulot ng, na may malaking bahagi, dedikasyon ng mga alagad ng Pulisya ng Seattle. Ang karamihan sa mga alagad na ito ay nagtatrabaho sa buong araw at magdamag, habang bumubuo ng pagkakaisa sa mga naninirahan at matagumpay na pinauunlad ang mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran. Ang karamihan ay madalang na sumasailalim sa anumang uri ng reklamo na hinggil sa disiplina. Katulad pa dito, kinikilala ng Panel (Hurado) ang trabaho ng kasalukuyan at ang nakaraang kawani ng OPA, ang OPA Auditor at ang OPA Review Board. Ang kanilang dedikasyon sa trabaho, kasama na ang kanilang mga kontribusyon at kawalan ng kinikilingan tungo sa Panel (Hurado) ay naglalarawan ng isang patuloy na tapat sa pagpapahusay ng pananagutan ng pulisya.

Sa kasamaang-palad, ang pampublikong pagkaunawa at repustasyon ng Departamento ng Pulisya sa Seattle, kasama na ang sistemang pang-disiplina at abilidad nito na ganapin nang wasto ang kanilang mga tungkulin, ay maaaring masira dahil sa kakaunting bilang ng mga magugulong imbestigasyon o mga kilos ng ilang mga alagad ng batas. Ginagawa nitong mahalaga para sa Lungsod na magbigay ng pirming pagtugon sa mga kaso na maaaring maghatid ng anumang problema para sa integridad ng sistema ng pananagutan.

Gustong bigyang -diin ng Panel (Hurado) na ang pananagutan ng pulisya ay kinabibilangan ng higit pa sa mga pamamaraang pang-disiplina. Una sa lahat, ito ay nagsisimula sa mga pagkilos ng bawat indibiduwal na alagad at pinakamahusay na ipinapatupad sa bawat presinto sa pamamagitan ng pamumuno at wastong pag-gabay sa mga sarhento, tenyente at kapitan. Gayunpaman, at napakahalaga din, ay ang pamumuno ng parehong Chief of Police at ng nahalal na mga pinuno ng Lungsod. Ang Panel (Hurado) ay nagsagawa ng maraming mga pagmumungkahi na kanilang pinaniniwalaan na makakapag-patatag sa pamamahala ng sistema ng pulisya ng Seattle.

Mahalaga din sa tagumpay at matagalang pananagutan ay ang patuloy na pagiging tapat ng Alkalde at Konseho ng Lungsod upang ipatupad, bantayan at bigyan ng pondo ang mga kinakailangang pagpapahusay. Ang sistema ng pananagutan ng pulisya ng Seattle ay kinabibilangan ng iba't ibang uri ng mga paraan sa pamamahala at ulat. Kung walang pakikipag-tulungan, pagbabantay at pagsunod, parehong ang pananagutan at lakas ng loob ng publiko ay magdurusa. Higit pa dito, ang mga mahahalagang pagpapaunlad sa sistema ay hindi dapat pumalit sa mga benepisyo ng empleyado at hindi dapat pag-aregluhin sa mga kasunduan hinggil sa trabaho.

Ang maraming antas na pagkaka-ayos ng pamamahala ng pulisya ng Seattle ay kakaiba. Ang kasalukuyang sistema ng Seattle ay anim na taon nang pinangangasiwaan. Ang sistema ay mayroong tatlong magkakahiwalay na bahagi: 1) ang Office of Professional Accountability (OPA), na responsable sa pagtanggap at pag-iimbestiga sa mga reklamo hinggil sa maliwang gawain at pagbibigay ng mga mungkahi sa Chief of Police; 2) ang OPA Auditor, na responsable sa pag-audit ng mga natapos na kaso at pagrerepaso at pagbibigay ng mga mungkahi sa mga naka-suspinde na imbestigasyon; at 3) ang OPA Review Board, na responsable sa pagrerepaso

ng mga proseso sa mga reklamo sa OPA at paglutas sa mga hindi pagkakasunduan sa pagitan ng OPA Auditor at ng Police Chief.

Noong Hunyo 2007, si Alkalde Greg Nickels ay naghirang ng 11-miyembro na Panel (Hurado) upang isagawa ang isang masusi at pangkalahatang repaso sa sistema ng pananagutan ng pulisya sa Seattle. Nakumpleto ng Police Accountability Review Panel (Hurado) ang trabaho nito noong Enero 2008.

Napagpasiyahan ng Panel (Hurado) na ang pangkalahatang pagkaka-ayos ng OPA na may sibilyan na Director, Auditor at Review Board ay dapat na magpatuloy. Nakita ng Panel (Hurado) na ang lahat ng tatlong bahagi ay gumaganap ng mga tungkulin sa proseso ng pamamahala. Nalaman din ng Panel (Hurado) na maraming mga panig ng kasalukuyang sistema ng pananagutan ng pulisya ay mahalaga at hinihimok ang isang mabisang proseso para sa mga reklamo ng mga mamamayan.

Gayunpaman, natuklasan din ng Panel (Hurado) na mayroong mga bagay na kailangang paunlarin. Ang ulat na ito ay nagpapahiwatig ng 29 na mga tiyak na rekomendasyon para sa pagpapahusay at pagpapatatag ng sistema ng pananagutan ng pulisya sa sumusunod na apat na larangan:

- Pananagutan at Pagtitiwala ng Publiko
- Kalayaan
- Propesyonal na Pag-uugali
- Pagiging Totoo

Ang mga rekomendasyon ay maaaring matagpuan nang kabuuan sa ulat na ito. Naririto ang ilan sa mga pangunahing paksa:

- **PALAWAKIN ANG TUNGKULIN NG OPA AUDITOR**

  Upang pahusayin ang pananagutan at pagtitiwala ng publiko, inirekominda ng Panel (Hurado) ang parehong pagpapalawak at paglilinaw sa tungkulin ng OPA Auditor. Ang kasalukuyang tungkulin ng OPA Auditor na pagsasagawa ng mga aktuwal na repaso ng mga OPA na imbestigasyon habang ang mga ginaganap ang mga nasabing imbestigasyon ay dapat panatiliin sapagkat pinapataas nito ang kalayaan at kalidad ng imbestigasyon ng OPA.

  Ang OPA Auditor ay dapat magsagawa ng masusing pag-audit sa mga mahalagang patakaran , pamamaraan at/o pagsasanay na nakaka-apekto sa pananagutan ng Departamento sa pananaw ng publiko sa pananagutan na iyon. Dapat din bigyang-pansin ng OPA ang pagsasagawa ng mga rekomendasyon upang mapatibay ang pananagutan ng Departamento pagkatapos na repasuhin ang mga pampublikong ulat hinggil sa pagganap ng Departamento. Dapat ay maglathala ang OPA Auditor ng isang pampublikong ulat tungkol sa mga natuklasan nito.

Kasama na sa mga karagdagang katungkulan ng OPA Auditor, inirerekomenda ng Panel (Hurado) na ang tagal ng panahon na inilalaan sa tungkulin ay tunay na mapalawak, na may kabayaran at mapagkukunan na katumbas sa mga responsibilidad.

Ang unang masusing repaso na isasagawa ng OPA Auditor ay dapat tungkol sa kaugnayan sa pagitan ng Departamento at iba't ibang mga komunidad, lalo na ang mga komunidad ng ibang lahi.

- **MADAGDAGAN ANG KALAYAAN AT AWTORIDAD NG OPA DIRECTOR**

Upang tiyakin ang kalayaan, inirerekomenda ng Panel (Hurado) na bigyang kapangyarihan ukol sa budget ang OPA Director at i-ulat sa Alkalde at Konseho ng Lungsod sa kasapatan ng pagpopondo ng OPA para sa taunan na proseso ng paghahanda ng budget ng Lungsod. Ang OPA Director, kasama ng pakikipagkonsulta sa Police Chief, ay dapat bigyan ng kapangyarihan upang pumili at maglipat ng mga kawani ng OPA, kasama na ang mga sumumpang imbestigador at Deputy Director. Ang OPA Director ay dapat dumalo sa lahat ng mga disciplinary hearing. Kung may mga bagong katibayan na ibinunyag sa isang disciplinary hearing, dapat ay ibalik ang kaso sa OPA para sa karagdagan pang imbestigasyon. Ang 180-araw na limitasyon upang imbestigahan ang isang reklamo ukol sa maling gawain ng isang pulis ay dapat na maaaring mapatagal ng OPA para sa isang mabuting dahilan.

- **ITATAG ANG OPA REVIEW BOARD BILANG PANGUNAHING UGNAY SA KOMUNIDAD**

Upang dagdagan ang pagtitiwala ng publiko sa sistema ng pananagutan ng pulisya sa Seattle, ang Panel (Hurado) ay gumagawa ng ilang mga mungkahi upang linawin ang tungkulin ng OPA Review Board, kasama na ang pagpapalawak ng bilang ng pagkakasapi nito mula lima hanggang pito na mga miyembro; gumaganap bilang pangunahing ugnay sa pagitan ng OPA at ng komunidad; pamumuno sa mga aktibidad ng komunidad; pagsasaliksik at pag-uulat ng mga pinakabagong pananagutan at pamamahala ng pulisya; pagrerepaso ng mga patakaran at pamamaraan ng OPA at pagkakaloob ng mga rekomendasyon para sa pag-unlad; at paghahandog ng mga iminungkahing paksa para sa pagsasanay ng mga alagad. Bilang karagdagan, inirerekomenda ng Panel (Hurado) ang Seattle Office for Civil Rights na pormal na magtalaga ng isa o dalawang empleyado bilang mga sibilyan na tagapagtanggol upang tumulong sa mga nagrereklamo sa OPA sa kabuuan ng proseso kung kinakailangan..

- **GAMITIN NANG LUBOS ANG PAGGAMIT NG PUBLIKO SA IMPORMASYON HINGGIL SA SISTEMA NG PANANAGUTAN**

Dapat magpatibay ang OPA ng isang patakaran na kinakailangan ang paghahayag sa publiko ng lahat ng mga rekord ng OPA sa pinakalubos na saklaw na pinahihintulutan ng batas. Ang mga rekord ng lahat ng mga natanggap na reklamo, kasama na ang mga parusa na napataw, ay dapat ipalabas sa publiko sa isang format na ginawa upang protektahan ang pagkapribado ng mga alagad at nagrereklamo na sumasailalim sa limitasyon na hinihiling ng batas.

- **PANATILIIN ANG PINAKAMATATAAS NA MGA PROPESYONAL NA PAMANTAYAN**

  Upang tulungan na matiyak ang propesyonal na pag-uugali, dapat magpatibay ang Departamento ng Pulisya sa Seattle ng isang patakaran na nagpapalagay na ang isang alagad ay matatanggal sanhi ng natanggap na mga reklamo na kasangkot ang paglilinlang na nauugnay o naganap sa loob ng saklaw ng mga opisyal na tungkulin ng alagad, o nauugnay sa pangangasiwa ng katarungan. Kung pinili ng Police Chief na magpatibay ng isang disciplinary sanction maliban sa pagpapatanggal sa trabaho, dapat ay hilingin sa kaniya sa ipahiwatig ang kaniyang mga kadahilanan sa kasulatan. Ang nakasulat na pahayag na ito ay ipagkakaloob sa OPA Director at, sang-ayon sa kahilingin, sa Alkalde at Konseho ng Lungsod..

- **PAHUSAYIN ANG PAGTUTULUNGAN AT KOORDINASYON NG MGA GRUPO NG OPA**

  Bawat taon, ang OPA Director, OPA Auditor at OPA Review Board ay dapat na magkasundo sa hindi kakaunti sa tatlong tunay na patakaran o pamamaraan sa mga larangan na magiging paksa ng pinahusay na repaso ng OPA Auditor. Isa sa nangungunang mga isyu na dapat suriin ay kung paano nakaka-apekto ang mga patakaran, kaugalian at pamamaraan ng OPA sa mga komunidad ng ibang lahi. Ang OPA Director, OPA Auditor at OPA Review Board ay dapat magpulong tuwing tatlong buwan at ang bawat isa ay dapat indibiduwal na maghanda at magkakasamang magtanghal ng dalawang beses sa isang taon na pag-uulat sa Alkalde at Konseho ng Lungsod. .

Sa pamamagitan ng mga rekomendasyon nito, sinusubukan ng Panel (Hurado) na ipagtugma ang mga makabuluhang bahagi ng kasalukuyang sistema ng pananagutan ng pulisya sa mga lugar na maaaring kailangan pahusayin.

Naniniwala ang Panel (Hurado) na ang integridad at tiwala sa proseso ng reklamo ng mamamayan-sa-pulisya ay dapat itatag sa malilinaw na mga layunin ng pagpapahusay ng mga sumusunod na bahagi ng sistema ng OPA: pananagutan, pagtitiwala ng publiko; kalayaan; propesyonal na pag-uugali; at pagiging totoo. Ang mga rekomendasyon ng Panel (Hurado) ay ipinapahiwatig sa Alkalde upang matulungan ang Lungsod ng Seattle na makamit ang mga nasabing layunin na ito.